

Patakaran:

Mga Pag-uusap sa Resolusyon at Patuloy na Paglilitis

Policy Code:

RES 1

Epektibong Petsa:

Marso 1, 2018

Cross-references:

ALT 1 APP 1 CHA 1
DAN 1 DIS 1 FIR 1

Ang mga pag-uusap sa resolusyon ay kadalasang nagreresulta sa isang guilty plea o sa minimum ay pag-amin ng akusado sa mga katotohanan na dapat sana'y patutunayan ng Crown. Ang maagang resolusyon sa mga hablá (resolution of charges) ay nakababawas ng stress at abala sa mga biktima at saksi at nagreresulta sa isang mas mahusay na sistema ng hustisya kung saan ang mga paglilitis ay hindi kinakailangan o mas maikli dahil sa pag-focus sa mga paglilitis sa mga katotohanang iyon na malinaw na pinag-uusapan.

"Ang mga pag-uusap sa resolusyon sa pagitan ng Crown at defence counsel ay hindi lamang pangkaraniwan sa criminal justice system; ang mga ito ay mahalaga. Kapag sila'y maayos na isinasagawa, pinahihintulutan nila ang sistema na tumakbo nang maayos at mahusay" (R. v Anthony-Cook, 2016 SCC 43).

Kasama sa mga pag-uusap sa resolusyon ang lahat ng mga pag-uusap sa pagitan ng Crown Counsel at defence counsel tungkol sa charges na ipapataw at sa posibleng disposisyon nito. Maaaring kabilang sa mga halimbawa ang:

- pag-reduce ng hablá sa isang mas mababang pagkakasala o pagkakasalang isasama
- pagtanggap ng isang plea sa ibang pagkakasala alinsunod sa seksyon 606 (4) ng *Criminal Code*
- pag-withdraw o pagpapanatili ng iba pang hablá
- pagsang-ayon na huwag ituloy ang hablá o pagsang-ayon na panatilihin o i-withdraw ang mga hablá laban sa iba pang mga akusadong tao
- pagsang-ayon na i-reduce ang maramihang hablá at gawin itong isang all-inclusive "global" charge

- pagsang-ayon na i-withdraw ang isang hablá o iutos ang isang stay of proceedings sa ilang mga usapin ngunit ipagpatuloy ang iba pang mga usapin na umaasa sa mga materyal na katotohanan na sumusuporta sa withdrawn o stayed counts bilang mga nagpapalalâng kadahilanan para sa mga layunin ng pagsentensya sa mga usapin na magpapatuloy
- pagsang-ayon na i-dispose ang kaso sa isang ispesipikong petsa kung irerecord na ang akusado ay nag-waive ng karapatan sa isang paglilitis sa loob ng isang makatwirang panahon
- pagsang-ayon sa waiver ng mga hablá alinsunod sa patakaran ukol sa waivers
- pagrekomenda ng iba't ibang tiyak na sentensya o isang ispesipikong sentensya

Kapag ang Crown Counsel ay kalahok sa mga pag-uusap ng resolusyon, ito ay dapat kumilos para sa interes ng publiko sa lahat ng oras upang matiyak na ang integridad ng criminal justice system ay napoprotektahan at walang ginagawa upang masira ang pangangasiwa ng hustisya.

Mahigpit na hinihikayat ang Crown Counsel na simulan nang maaga ang mga pag-uusap sa may prinsipyo at may-kaalamang prinsipyo. Sa paggawa nito, dapat nilang:

- gawin ang buong pagsisiwalat (full disclosure) sa akusado, na angkop sa yugto ng paglilitis, alinsunod sa patakaran sa *Disclosure* (DIS 1)
- tanggapin lamang ang plea of guilty sa mga hablâng na patuloy na nakakatugon sa pamantayan ng charge assessment sa *Charge Assessment Guidelines* (CHA 1) (*Mga Alituntunin sa Pag-aseso ng Hablá* (CHA 1))
- tiyakin na tatanggapin ng akusado ang legal at factual guilt na may kaugnayan sa iminungkahing guilty plea
- tiyakin na ang (mga) pagkakasala kung saan ang magiging plead ng akusado ay guilty ay angkop na sumasalamin sa mapapatunayang kriminal na pag-uugali ng akusado at magbibigay ng sapat na sentencing range kapag isinasaalang-alang ang lahat ng mga sirkumstansya
- panatilihin isaisip ang iba pang mga patakaran sa BC Prosecution Service na maaaring umaplay sa mga pag-uusap ng resolusyon kaugnay ng mga partikular na binanggit na mga pagkakasala at tiyakin na ang mga patnubay na nakapaloob sa mga patakarang iyon ay iginagalang (halimbawa, *Firearms – Mandatory Minimum Sentences – Consecutive Sentences – Notice of Greater Penalty* (FIR 1), *Dangerous Offender and Long-Term Offender Applications* (DAN 1), *Alternative Measures for Adult Offenders* (ALT 1))

- upang matulungan ang korte na matukoy ang isang angkop na sentensya, dapat nilang tiyakin na ipinaalam sa korte ang lahat ng may kaugnayang impormasyon, kabilang ang anumang nagpapalalâ na mga sirkumstansya, (halimbawa, ang paggamit ng isang sandata) na magagawang patunayan ng Crown
- kilalanin na sa batas, ang isang plea of guilty ay karaniwang itinuturing na isang bagay na nagpapagaan ng sentensya, lalo na kung ang naakusahan ay nag-plead ng guilty sa pinakamaagang pagkakataon. Ang posisyon ng Crown sa pagsentensya ay dapat magpakita ng prinsipyong ito tulad ng sumusunod:
 - bago magsagawa ng may prinsipyo't may-kaalamang mga pag-usap tungkol sa resolusyon, dapat matukoy ng Crown Counsel ang saklaw ng naaangkop na legal na sentensya para sa ispesipikong akusado kung nahatulan ang akusado pagkatapos ng paglilitis
 - ang buong benepisyo ng mitigation para sa isang maagang guilty plea ay dapat isama sa maagang bahagi ng sentencing position ng Crown, bago ng takdang petsa o arraignment, upang magbigay ng angkop na paghikayat na malutas ang mga kaso nang maaga hangga't maaari, at upang ipakita ang pagtanggap ng akusado sa responsibilidad
 - pagkatapos ng takdang petsa o arraignment, habang papalapit ang paglilitis o pagdinig at dumarami ang trabaho, gastos, at epekto sa mga witness at biktima kaugnay ng paghahanda para sa paglilitis, ang nagpapagaan na epekto ng guilty plea at ang posisyon ng Crown sa saklaw ng sentensya ay dapat mas sumasalamin sa legal na naaangkop na after-trial range
 - maliban kung may mga natatanging sirkumstansya, o isang malaking pagbabago sa mga sirkumstansya o lakas ng kaso ng Crown, ang buong benepisyo na inaalok para sa isang maagang guilty plea ay karaniwang hindi dapat ialok para sa isang guilty plea na darating sa petsa ng paglilitis o pagdinig, o bago lamang dumating ang araw na ito
- ibigay sa korte ang isinumite ng Crown hinggil sa naaangkop na legal na saklaw ng sentensya at isang rekomendasyon hinggil sa kung saan – sa loob ng saklaw noon - - ang mga prinsipyo ng sentensya ay pinakamahusay na matutugunan ayon sa nagpapalalâ at nagpapagaan na mga sirkumstansya, kabilang ang pagkilala sa anumang maagang guilty plea. Depende sa mga sirkumstansya ng kaso, maaari ring isaalang-alang ng rekomendasyon ng Crown sa sentensya ang seksyon 11(b) ng *Canadian Charter of Rights and Freedoms* at ang haba ng oras ng paghihintay ng paglilitis

- sumang-ayon na magbigay ng isang joint submission tungkol sa eksaktong haba o klase ng sentensya o halaga ng multang pera kung nasisiyahan lamang sila na ang isang joint submission ay angkop sa interes ng publiko, at lalo na kung hindi nito sisiraain ang pangangasiwa ng hustisya. Dapat ipaalam ng Crown Counsel sa korte ang may prinsipyong legal na batayan ng joint submission analysis upang ang desisyon na sumang-ayon sa isang joint submission ay madaling maunawaan ng korte at ng publiko
- iwasan ang anumang kaayusan na nagpapahiwatig na pigilin ang pagpapasya ng Attorney General na magsimula ng umapela, maliban kung nakuha nang mas maaga ang nakasulat na pag-apruba ng Assistant Deputy Attorney General sa naturang kaayusan (*Appeal by Crown to the Court of Appeal and Supreme Court of Canada* (APP 1))

Bukod pa rito, kung ang kriminal na aktibidad ay nagresulta sa paghahain ng maramihang hablá, bagama't maaaring may malaking posibilidad na mahahatulan ang isang partikular na hablá, maaaring iutos ng Crown Counsel ang stay of proceedings sa habláng iyon at tanggapin nito ang isang plea para sa mas kaunting bilang ng mga hablá, o sa mga isinamang pagkakasala hangga't masisiguro ng Crown Counsel na ang mga pagkakasala para kung saan nag-plead ng guilty ang akusado ay angkop na sumasalamin sa kriminal na pag-uugali ng akusado at nagbibigay ng sapat na saklaw ng pagsentensya habang isinasaalang-alang ang lahat ng mga sirkumstansya.

Impormasyon sa mga Biktima at Pulis

Sa ilalim ng seksyon 14 at 19 (1) ng [Canadian Victims Bill of Rights](#) at mga seksyon 606 (4.1) hanggang 606 (4.4) ng *Criminal Code*, may karapatan ang bawat biktima na ipaalam ang kanilang mga pananaw tungkol sa mga desisyong gagawin ng mga naaangkop na awtoridad sa criminal justice system na nakakaapekto sa mga karapatan ng biktima sa ilalim ng Batas, at na maipasaalang-alang ang kanyang mga pananaw, gamit ang mga pamamaraan na itinatakda ng batas.

Sa mga kasong may seryosong pinsala sa katawan o malubhang pinsalang sikolohikal, bago magtapos ang isang pag-uusap sa resolusyon o pag-utos ng stay of proceedings, ang Crown Counsel ay dapat gumawa ng mga makatwirang hakbang upang ipaalam sa biktima, o sa kinatawan ng biktima, at sa pulis o iba pang investigative agency, ang ipinanukalang resolusyon, magbigay ng pagkakataon para maipahayag ang anumang mga alalahanin sa Crown Counsel, at ipaalam sa kanya na ang anumang mga pag-aalala na ipapahayag niya ay ipapaalam at isasaalang-alang ng Regional Crown Counsel, Director, o kani-kanilang deputy. Kung ang biktima, ang kinatawan ng biktima, o ang investigative agency ay nagpahayag na nais nilang humingi ng pagrepaso sa ipinanukalang resolusyon, hindi dapat tapusin ng Crown Counsel ang mga pag-uusap sa

resolusyon hanggang wala pang konsultasyon sa isang Regional Crown Counsel, Director, o sa kani-kanilang deputy. Ito ay upang ang isang Regional Crown Counsel, Director, o ang kani-kanilang deputy ay hindi mailalagay sa posisyon kung saan kakailanganin nilang i-repudiate o tanggihan ang isang napagkasunduang resolution agreement kung sa kalaunan ay matutukoy na ang kasunduan ay wala sa interes ng publiko.

Para sa mga kasong nakalista sa ibaba, ang Crown Counsel ay dapat kumonsulta sa isang Regional Crown Counsel, Director, o sa kani-kanilang deputy bago tapusin ang anumang pag-uusap sa resolusyon o bago mag-utos ng isang stay of proceedings

- kung di umano ay sinasabi sa hablá na ang akusado ay may pananagutan para sa isang kamatayan; at
- para sa anumang seryosong hablá kung saan nagkaroon ng malaking pag-aalala ng publiko hinggil sa pangangasiwa ng hustisya, o tungkol saan may mga obhetibong dahilan na sumusuporta sa konklusyon na malamang na mayroon nito

Bagama't dapat isaalang-alang ng Crown Counsel ang anumang mga pag-aalala na ipinahayag ng biktima, ng pamilya ng biktima, o ng pulis o iba pang investigative agency, ang desisyon tungkol sa naaangkop na hablá o disposisyon ay nakasalalay sa BC Prosecution Service alinsunod sa patakarang ito.

Repudiation

Ang pag-repudiate (o pagtanggap) sa anumang napagkasunduang resolution agreement ay dapat bihira. Ang pagtanggap ay dapat isaalang-alang lamang kung ang Regional Crown Counsel at ang Assistant Deputy Attorney General ay nasisiyahan na masisira ng resolution agreement ang pangangasiwa ng hustisya. Kung natugunan ang test na iyon, kapag gagawa ng desisyon kung ire-repudiate, dapat isaalang-alang kung gaano maibabalik ang akusado sa kanyang dating posisyon, kung ang katotohanan ng repudiation ay maaaring humantong sa pagkasira ng pangangasiwa ng hustisya, at kung mayroong realistikong potensyal para sa isang judicial finding na inabuso ang proseso.

Unrepresented na Akusado (Akusadong Walang Abogado)

Sa pangkalahatan, dapat mag-ingat ang Crown Counsel sa mga pag-uusap sa resolusyon ng mga akusadong unrepresented o walang abogado (hindi kasama dito ang pagbibigay ng isang Initial Sentencing Position na dokumento sa akusado). Dapat hikayatin ng Crown Counsel ang akusado na humingi ng advice mula sa isang counsel upang tulungan siya sa anumang mga pag-uusap sa resolusyon. Gayunpaman, kung ang akusado ay tumanggap humingi ng advice at naising isagawa ang resolution discussions, dapat tiyakin ng Crown Counsel na magkakaroon ng pangatlong partido sa

mga pag-uusap o na isasagawa ang mga pag-uusap nang nakasulat, maliban kung hindi ito makatwirang magagawa. Dapat tiyakin ng Crown Counsel na may rekord ng mga pag-uusap na naka-file.

Pagsunod sa *Freedom of Information and Protection of Privacy Act* (Freedom of Information at Batas Ukol sa Proteksyon ng Pagkapribado)

Sa lahat ng kaso, dapat itala ng Crown Counsel sa file ng Crown ang mga dahilan para sa bawat stay of proceedings upang mapahintulot ang pagtupad sa seksyon 15 (4) ng *Freedom of Information and Protection of Privacy Act*, na nagsasaad ng mga sumusunod:

Matapos na makumpleto ang isang imbestigasyon ng pulis, ang head ng isang public body ay hindi dapat tumanggi na isiwalat sa ilalim ng seksyong ito ang mga dahilan para sa isang desisyon na huwag mag-prosecute:

- a) *sa isang tao na nakakaalam at talagang interesado sa imbestigasyon, kabilang ang isang biktima, o isang kamag-anak, o kaibigan ng biktima, o*
- b) *sa sino mang iba pang miyembro ng publiko, kung ang katotohanan ng imbestigasyon ay ginawang pampubliko.*